# KAPASIYAHAN BLG. 2025-68

**"HUMIHIMOK SA LAHAT NG MGA PUNONG BARANGAY AT MGA PINUNO NG PAARALAN SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA MAGTALAGA NG MGA TAGAPAG-INGAT SA LAHAT NG PAARALAN SA ILALIM NG KANILANG NASASAKLAWAN UPANG MASIGURO ANG KALIGTASAN AT SEGURIDAD NG MGA MAG-AARAL."**

*Akda ni:*

**Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA**

**Pangalawang Punong Bayan at**
**Tagapangulo ng Sangguniang Bayan**

**SAPAGKA'T,** kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan ang kahalagahan ng pagbibigay ng ligtas at tiyak na kapaligiran para sa lahat ng mga estudyante para sa epektibong pagtuturo at pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, ang mga kamakailang pangyayari totoo man o hindi ay nagbigay diin sa pangangailangan para sa mga karagdagang hakbang sa seguridad sa mga paaralan upang maiwasan ang mga hindi kanais-nais na insidente;

**SAPAGKA'T**, ang pagtatalaga ng mga tagapag-ingat ay maaaring magsilbing hadlang sa mga potensyal na banta mapaigting ang seguridad sa paaralan;

**SAPAGKA'T**, ang mga Punong Barangay at mga Pinuno ng Paaralan ay may mahalagang papel sa pagtiyak sa kaligtasan at seguridad ng mga paaralan sa loob ng kani-kanilang hurisdiksyon.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MARTIN SJ. ANGELES, MMPA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan, sa pagpupulong na ito na:

1. Ang lahat ng mga Punong Barangay at mga Pinuno ng Paaralan sa Bayan ng Bustos, Bulacan ay hinihimok na agad na magtalaga ng sapat na bilang ng mga tagapag-ingat sa lahat ng mga paaralan sa ilalim ng kanilang hurisdiksyon.
2. Ang mga tagapag-ingat ay magiging responsible sa pagsubaybay sa lugar ng paaralan, pagkontrol sa mga paaralan, at pagtugon sa anumang mga usapin sa seguridad.
3. Ang mga Punong Barangay at mga Pinuno sa Paaralan ay makikipag-ugnayan sa lokal na pulisya at iba pang mga hakbang sa seguridad.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-10 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim